Ang Hiling ng

# AGILA




Kuwent o ni

Alan App le C. Cosar e

Guhit ni

Ed en P. Cordov a



# Ang Hiling ng AGILA

**Mga Kasanayan sa Pagkatuto**

*Nakapagpapakita ng magagandang halimbawa ng pagiging responsableng tagapangalaga ng kapaligiran* ***(EsP5PPP – IIId – 27)***

*5.1. pagiging mapanagutan*

*5.2. pagmamalasakit sa kapaligiran sa pamamagitan ng pakikiisa sa mga programang pangkapaligiran*

**Treasury of Storybooks**

………………………………..

This storybook is a product of the National Competition on Storybook Writing 2022 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in deliberative assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended:

Cosare, Alan Apple C. *Ang Hiling ng Agila.* DepEd-BLR, 2022.

DEVELOPMENT TEAM

Writer: Alan Apple C. Cosare

Illustrator: Eden P. Cordova

Learning Resource Manager: Evangeline A. Vicencio

Analiza C. Almazan

Davao City

Region XI





Minsan, sa isang bahagi ng paanan ng Bundok Apo
ay nanirahan ang isang katutubong tribo.
Kabilang sa kanila ang batang si Padò
na butihing anak ng isang huwarang Datu.

Sa hindi kalayuan mula sa kanilang tirahan
ay matatagpuan ang malawak na kagubatan.
Mga iba't ibang uri ng nilalang na dito daw nanirahan
kaya naman bahagya itong kinatatakutan.

Isang araw, si Padò ay napag-utusang
mamulot ng panggatong sa kakahuyan.
Ngunit, bilin ng kaniyang ama na pakaiiwasan
ang pagpasok sa pusod ng kagubatan.







Sinunod ni Padò ang utos ng ama
at agad siyang tumungo sa mahiwagang kagubatan.
Sinuyod niya ang gubat sa paghahanap ng mga tuyong sanga
upang gawing panggatong sa kanilang tahanan.

Hindi kalaunan, habang naglalakad siya
ay nakakita ng isang ibong kakaiba.
Napakalaki nito at may matatalas na mga mata.
Waring may kung anong hiwaga sa nakitang Agila.

Namangha si Padò sa kaniyang nakita
kaya't sinundan niya agad ang ibong Agila.
Nakalimutan na niya ang bilin ng ama
at sa pusod ng gubat siya ay nagpunta.

Nang marating niya ang kaibuturan ng gubat,
ang sinusundan niyang ibon ay hindi na niya mahagilap.
Sa ilang sandali pa ay may narinig siyang iyak.
Wari ba ay boses ng nilalang na nasa pahamak.

Sinundan niya ang boses at nahabag siya nang makita
ang kawawang ibon na nakaratay sa lupa.
Sugatan ito at lubhang nanghihina.
Umiiyak ito sa sakit ng tama ng pana.

Sa awa ni Padò sa sugatang Agila
ay inakay niya ito at dinala sa kanila.
Nang makita ito ng kaniyang pamilya,
agad nilang ginamot ang ibong kaawa-awa.







Hindi nila alam na ang tinulungang Agila
ay nababalot pala ng malaking hiwaga.
Pagdating ng takip-silim, anyo nito ay nag-iba.
Bigla na lamang itong naging isang marikit na diwata.

Hindi sila makapaniwala sa kanilang nakita.
Isang napakagandang babae na may napakaamong mukha.
May malalaki itong pakpak na kumikinang-kinang pa.
Mistula itong isang diyosa na bumaba sa lupa.

Dahil sa kabutihang ipinakita sa kaniya
ay lubos na nagpasalamat ang diwatang Agila.
Bilang ganti ay biniyayaan sila,
masaganang ani at lubos na pagpapala.



Bago lumisan, ang diwata ay may pakiusap
sa mabubuting tao na sa kaniya ay lumingap.
*"Sana'y alagaan ninyo ang mga nilalang sa gubat
mula sa araw na ito at hanggang sa hinaharap."*
ang bilin ng diwata sa araw na iyon.



*"Ang nais ko sana ay lahat ng tao*
*ay matutong pangalagaan ang sariling mundo.*
*Mga hayop at halaman ay huwag sanang puksain.*
*Sa halip ay pagyamanin at pakamahalin."*

Sa sinabi ng diwata, ang pamilya ay sumang-ayon at nangakong sa kaniyang hiling, sila ay tutugon. Agad nilang ipinamalita sa mga katribo at kanayon ang bilin ng diwata sa araw na iyon.



*“Gumising ka, anak.... Umaga na!”* sambit ng amang Datu
habang ginigising nito ang batang si Padò.
Akala pa naman niya ay totoo ang lahat.
Panaginip lang pala ang Agila sa gubat.





Ibinahagi ni Padò sa kaniyang ama at ina
ang lahat ng pangyayari sa kakaibang panaginip niya.
Agad namang nagbahagi ang butihing amang Datu
kung ano sa tingin niya ang pahiwatig ng panaginip ni Padò.

*"Anak, alam mo bang ang panaginip mong iyan
ay napakaganda at makabuluhan?
Sa aking palagay, ito'y isang panawagan.
Sinasalamin nito ang katotohanan."*

*"Sa aking palagay ay nakikiusap na ang kalikasan
na sana'y tigilan na ng tao ang mga hindi kaaya-ayang pamamaraan.
Pagpuksa ng mga hayop, pagtotroso, pagtatapon kahit saan
-nakasisira ng may buhay ang lahat ng iyan."*







Bigla namang sumabat ang ina ni Padò
na wari ay sumang-ayon sa mga wika ng Datu.
Sinabi nito ang nasa kaniyang kalooban
tungkol sa narinig niya na mahalagang usapan.

*“Kay lungkot sapagkat iilan na lamang
ang mga taong may pusong makakalikasan.
Sa patuloy na pagkamit ng kaunlaran,
ang naging kapalit ay kalbong kagubatan.”*

*“Sadyang kay saklap na sa kasalukuyan,
mga ibong Agila ay kakaunti na lamang.
Sa patuloy na pagkasira ng mga kagubatan,
mga hayop na tulad nila ay wala nang matirhan.”*



*“Tila may hawak na pana ang sangkatauhan
na parating nakatuon kay Inang Kalikasan.
Mata ay mapangmasid at handang tumira
sa tuwing may mahahagilap na kawawang
Agila.”*

*“Nangangamba ako, Padò, na sa hinaharap
ay baka wala nang niisang Agilang
mahahagilap.
Hiling ng Agila sa atin ay sana’y
Pangalagaan ang lahat ng buhay at likas
na yaman.”*


Sa sinabi ng mga magulang, si Padò ay natahimik.
Sa mga wika ng mga ito, siya ay lubos na napaisip.
Bagamat ang lahat ng iyon ay isa lamang panaginip
ay may natutuhan siyang mga bagay na tumatak sa kanyang isip.

Simula noon, si Padò ay may taos-pusong panata
na siya ay tutugon sa hiling ng diwata.
Nangako siya na ang kalikasan
ay kaniyang pagyayamanin at pangangalagaan.

Sa kahit na anong pagkakataon at pamamaraan
ay nagsikap si Padò na kaniyang mapaninindigan
ang kaniyang pangako sa Inang Kalikasanan
na ito'y aalagaan at pahahalagahan.







Lumaki si Padò na naging mabuting ehemplo
sa kaniyang mga kaibigan at mga ka-tribu.
Kinahiligan niya ang pagtatanim ng puno
at ikinatuwa itong lubos ng kaniyang ina at amang Datu.

*“Ama, tingnan mo ang mga tanim kong puno,”*
wika ni Padò isang araw kay amang Datu.
“Ang sarap po sa pakiramdam na habang lumalaki ako,
sila rin ay tumutubo at patuloy na lumalago.”

Sa iba pang mga gawaing pangkalikasan
ay aktibo rin si Padò at sadyang maaasahan.
Sa kanilang tahanan man o maging sa paaralan,
Siya ay napaka-responsable at tunay na makakalikasan.







Bagamat panaginip lang ang tungkol sa Agila
ay naging makatotohanan naman ang aral
nitong dala.
At ang aral na sa panaginip ay natutuhan,
kapag isinasabuhay ay nagiging mas
makabuluhan.

Lahat ng tao ay tularan din sana
ang ginawang kabutihan ni Padò na
tumugon sa diwata.
Ikaw at ako ay dinggin din sana
ang tanging hiling ng
mahiwagang Agila.







**Ang Manunulat**



Si Alan Apple C. Cosare ay nagtapos ng kursong Batsilyer sa Sekundarya Edukasyon sa University of Southeastern Philippines (USEP), Bo. Obrero Campus, Davao City. Kasalukuyan siyang nagtuturo ng Ikatlong Baitang sa Buhangin Central Elementary School – SPED Center, Sangay ng Lunsod ng Davao. Hilig niya ang pag-susulat at pagguhit ng mga kuwentong pambata. Siya ay may karanasan sa pagtuturo ng mga katutubong mag-aaral sa Davao City. Ang kuwentong "Ang Hiling ng Agila" ay inaalay niya sa tribong Bagobo-Klata na siyang tribo na kinabibilangan ng kaniyang asawa at dalawang mga anak.

**Ang Tagaguhit**



Si Eden P. Cordova ay isang guro at ilustrador mula sa Davao City. Kabilang siya sa DepEd Pool of National Illustrators. Naging kalahok rin siya sa mga iba't ibang patimpalak at seminar tungkol sa pagguhit at pagiging ilustrador sa Division of Davao City. Siya ay kasalukuyang nagtuturo sa ikaanim na baiting sa Sta. Ana Central Elementary School.

**ANG HILING NG AGILA**

Ang batang si Padò ay may napanaginipan. Tungkol ito sa isang ibong Agila na sinagip niya mula sa kapahamakan. Ngunit, lingid sa kaniyang kaalaman, ito pala ay nababalot ng hiwaga. Sa paglubog ng araw, ang ibon ay nagiging diwata. Ang ibon ay may ipinakiusap sa kaniya bago ito lumisan. Ang naturang hiling ay pumukaw sa kaniyang damdaming makakalikasan. Ano kaya ang hiling ng Agila kay Padò? Bagama't ito ay isang panaginip lamang, ito kaya ay kaniyang tutugunan?

Basahin ang kuwento nang malaman ang mga kasagutan. At nawa'y mapukaw rin ang iyong pagkamakakalikasan.